U.S. Department of Justice [Kagawaran ng Katarungan] Community Relations Service (CRS) [Paglilingkod para sa Ugnayan sa Komunidad]

Pagpigil at Pagtugon sa mga Pangyayaring Di-makatwirang Pagkiling at Pagkasuklam Laban sa mga Komunidad na Asian American, Native Hawaiian, at Pacific Islander (AANHPI)

Nagliingkod ang CRS bilang “Tagapamayapa ng America” sa mga komunidad na nagdadanas ng pagtatalo sa pamamagitan ng pagmamagitna sa mga tutulan at pinahuhusay ang kakayahan ng komunidad na nagsasariling pigilin at lutasin ang mga pagtatalo sa hinaharap. Sa ilalim ng Title X ng Civil Rights Act ng 1964 at pinalawak ng Matthew Shepard and James Byrd, Jr., Hate Crimes Prevention Act ng 2009, tumutugon ang CRS sa mga pagtatalo sa komunidad na nagmula sa mga pagkakaiba ng lahi, kulay, pinanggalingang bansa, kasarian, kinikilalang kasarian, pagkiling sa kasarian, pananampalataya, at kapansanan. Walang kapangyarihan ang CRS pampagpatupad ng batas o pampag-uusig. Sa halip, nagsasagawa ang CRS sa mga komunidad na tumulong na muling buuin ang mga kaugnayan, pinapadali ang magkaayong pag-uunawa, at hinihimok ang pag-unlad ng mga lokal na kalutasan. Nagsasagawa ang mga tagapagkasundo ng CRS nang kasama ang mga pinuno ng estado at lokal, samahang batay sa komunidad, tagatangkilik ng komunidad at karapatang pangmamayan, samahang batay sa pananampalataya, at nagpapatupad ng batas nang hindi sapilitan. Libre at lihim ang mga mga pinadaling usapan. pagsangguni, pagsanay, at pamamagitan ng CRS.

Ang U.S. Department of Justice Community Relations Service [Paglilingkod para sa Ugnayan sa Komunidad] (CRS) ay nakahandang magkaloob ng paglingkod sa mga komunidad na AANHPI sa pagbubuo ng mga panukalang pangbaka-sakali para sa komunidad upang tumugon sa mga pangyayaring di-makatwirang pagkiling at kasuklaman.

Pag-aralan ang mga pinakamahusay na pagsasagawa na maaaring gamitin ng mga grupo na nagsasagawa upang magbuo ng panukala na pagtugon sa komunidad. Ang dokumento na ito ay para sa mga grupo ng komunidad na AANHPI, mga guro, punong-bayan, at mga samahang tagapagtupad. Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa pagbubuo ng mga planong pagtugon ng komunidad, mag-click dito.

Maghanda ng sama-sama na pahayag mula sa komunidad laban sa pagtanging ayon sa lahi at kasuklaman.

- Makapangyarihan ang inyong pagsalita bilang mga nahalal ng pinuno, guro, at namumuno sa komunidad. Sa pagbigay diin sa pagkatalaga ng inyong komunidad sa pagkaiiba-iba at pagsama, maaari kayong maglikha ng kapaligiran ng pagtiis at pagkakaisa laban sa di-makatwirang pagkiling at suklam.
- Ang sama-sama na pahayag mula sa komunidad ay isang bahagi ng mas malawak na estratehiya. Sa karagadagan, pag-aralan ang:
  - Pagbuo ng panukala ng pagsimula ng pahiwatig at abutin ang mga palabas ng media nang nauuna sa pangyayaring di-makatwirang pagkiling o kasuklaman.
  - Maghanda ng mga paksa na pag-uusapan tungkol sa pagpigil ng di-makatwirang pagkiling at suklam upag gamitin ng media.
  - Maghirang ng tagapagsalita na maaabot upang sagutin ang media at ibang pag-uusisa (o magtipon ng grupo na mga tagapasalita).
- Maaaring magamit ang mga pahayag na paglingkod sa madla upang paginhawain ang mga komunidad na AANHPI na hindi ninyo tinitiis ang di-makatwirang pagkiling, suklam, at karahasan. Pag-aralang magsagawa ng mga pahayag na iyon sa mga wikang AANHPI at ipadala sila sa pamamagitan ng lahat ng paraan ng media na naglilingkod sa komunidad ninyo. Isama ang mga impormasyon tungkol sa pag-uulat, pagtugon, at pag-alalay ng biktima.
- Makipagtulungan sa inyong lokal na komunidad sa pagmungkhi ng nilalaman at gawi ng pahiwatig ninyo. Kumuha ng pagpuna sa inyong sama-samang pahiwatig mula sa mga samahang nagtatangkilik ng karapatang sibil at nagtataguyod.
- Makibakas sa mga samahan ng komunidad na naglilingkod sa mga komunidad na AANHPI upang ikalat at ipamahagi ang inyong sama-samang pahayag.

Maghanda ng pangyayaring kaisahan ng madla na laban sa suklam at di-makatwirang pagkiling.

- Kung saan angkop at ligtas, maaaring gamitin ang mga pagtitipong pangmadla at sa online na pagtitipon upang dagdagan ang pagkabatid ng di-makatwirang pagkiling at suklam na makaepekto sa mga komunidad na AANHPI.
- Ipamahagi ang mga umiiral na mapagkukunan na may kinalaman sa di-makatwirang pagkiling at suklam, katulad ang mga lokal na lupon ng ugnayan ng tao, programa ng paaralan, pasimuno ng tagapagtupad ng batas, at mga programa na inaalalayan ng mga lokal na may-kapakanan sa komunidad.
- Maglikha ng puwang para sa mga biktima, nag-aalalay sa mga biktima, at mga kabakas, upang ipahayag ang kanilang mga pagkabalisa na may kinalaman sa di-makatwirang pagkiling at suklam, katulad ng pagtitipon ng pagtatalakay ng komunidad, pinadaling pag-uusap, mga pagtitipon upang makinig, o magtakda ng email kung saan maipadala ang pahiwatig.
- Maaaring ipakita ng mga pagdaraos ng pagkakaisa sa mga komunidad na AANHPI na hindi sila nag-iisa. Pag-isipan na anyayain ang mga ibang may-kapakanan, katulad ng mga namumuno sa pananampalataya, namumuno sa komunidad, at mga tagapagtupad ng batas.

Maging handa para sa mga baka sakaling gulo, mga pangyayaring di-makatwirang pagkiling, at krimen ng kasuklaman.

- Maghanda na magiging sanhi ang mga iyon ng mga pangyayaring di-makatwirang pagkiling o kasuklaman. Turuan ang mga kasapi sa komunidad ng mga paraang pag-uulat, mga batas tungkol sa krimen ng pagkasuklam, at mga pinakamahusay ng gawi upang kupkopin ang mga lugar pampananampalataya.
- Babalaan ang mga tagapagtupad ng batas ukol sa mga pananakot at ibang maaaring maging gawaing krimen. Makipagtagpo sa mga tagatupad ng batas upang matutuhan kung ano at papaano mag-ulat.
- Ipagtugma ang mga panukala sa posibleng emerhensiya katulad ng kung magkagulo, mga inaasintang karahasan, krimen ng kasuklaman, at mga protesta na maaring mauwi sa karahasan.
- Alamin ang mga pagdaraos ng komunidad na AANHPI, mga pangyayari, paggagalang, at pista na maaaring akitin ng mga gawi ng mga pagtitipon at paglalakbay.
- Repasuhin ang mga materyales at pagbabalita sa wikang maintindihan at pangangailangan ng pagsalinng wika.
- Magsagawa ng pagsusubok ng inyong panukalang pagtugon upang kilalanin ang mga maaaring nalaktawang kaugnayan at mga mapapabuti.
- Ipaalam sa mga tagapagtupad ng batas ang mga mahalagang lugar na maaaring asintahin, kabilang ang kapitbahayan, pinagtatrabahuhan, bahay-sambahan, consulado, embahada, sementeryo, monumento ng kasaysayan, at ibang lugar na pinagtitipunan ng AANHPI.
- Gamitin ang wika na pinapayo ng CDC upang tukuyin ang virus na COVID-19. Tingnang ang: https://www.cdc.gov/ coronavirus/2019-ncov/your-health/about-covid-19/ basics-covid-19.html

Magsagawa n mga hakbang upang palubagin ang pagsira ng di-makatwirang pagkiling at suklam sa kabutihan ng pag-iisip at katawan ng mga naepektohang grupo.

- Ipagkasangkot ang inyong grupo sa mga dalubhasa upang tiyakin ang magkaisang pagkaunawaan ng kailan at papaano magagamit ang mga mapagkukunan ng kalusugang pangkaisipan.
- May ilang naulat ng pangyayaring di-makatwirang pagkiling at kasuklaman ay may kasangkot na mga pinaghihinalaan na may mga karamdaman ng kalusugan sa pag-iisip. Maaaring alamin ng nagtataguyod na grupo ang mga paraan ng lokal na tagapagtupad ng batas para sa pakikitungo sa mga pinaghihinalaan na may mga karamdaman ng kalusugan sa pag-iisip.
- Magkaloob ng mga mapagkukunan para sa pangkalusugang pag-iisip sa mga biktima at kasapi sa mga komunidad na AANHPI na nakakaranas ng suklam at di-makatwirang pagkiling.
- Tiyaking maaabot ng mga una at ikalawang tagatugon ang sapat na pag-alalay sa pangkalusugang pag-iisip at pinsala.
- Tiyakin na ang mga mapagkukunang pang-biktima at saksi ay angkop sa kanilang kultura at maaabot sa angkop na wika.

Panustosan ang mga paaralan at kampus upang tumugon sa mga pangyayaring di-makatwirang pagkiling at kasuklaman habang bumabalik ang mga mag-aaral sa paaralan.

- Himukin ang inyong paaralan, kolehiuo, o unibersidad na magkaroon ang patakaran sa cyberbullying [pag-aapi sa online] at panggugulo.
- Sanayin ang mga kampus pulis sa mga pinakamahusay na gawi sa pag-ulat at pag-siyasat ng mga pangyayaring di-makatwirang pagkiling at kasuklaman
- Abutin ang mga nag-aaral na AANHPI, kabilang ang mga kasangkot sa mga larangan ng pananaliksik.

Mga Mapagkukunan

Mga nasapanahong balita at nasalin na mapagkukunan
https://www.justice.gov/hatecrimes/addressing-hate-crimes-against-AAPI

Mga paglingkod ng CRS para sa mga komunidad na AANHPI
https://www.justice.gov/crs/highlights/AAPI-hate-crimes

Karagdagang mapagkukunan ng U.S. Department of Justice

Gabay para sa Banta ng Krimen ng Kasuklaman
Federal Bureau of Investigation

Pag-uulat ng krimen ng kasuklaman– Nagsisikap na Bawasan ang Pagkakaiba
Mga Paglinkod ng Pulisya na Binagay sa Komunidad

Pagpapahusay ng Pagkilala at Pag-ulat ng mga Krimen ng Kasuklaman
Mga Paaglinkod ng Pulisya na Binagay sa Komunidad

Pagpapahusay ng Pagkilala, Imbestigasyon, at Pag-ulat ng mga Krimen ng Kasuklaman: Kabuurang Ulat ng mga Talakayan ng Tagapagtupad ng Batas
Mga Paglinkod ng Pulisya na Binagay sa Komunidad

Pigilin ang Suklam: Mga Pagkilos na Hakbang para sa mga Lokal na Komunidad
Mga Paglinkod ng Pulisya na Binagay sa Komunidad

Paglilingkod sa mga Komunidad habang may COVID-19 Pandemic
Paglilingkod para sa Ugnayan sa Komunidad

Tinutulungan ang mga Komunidad na Pigilin at Tumugon sa mga krimen ng kasuklaman
Paglilingkod para sa Ugnayan sa Komunidad

Pigilin ang Pagkasuklam & Magtatag ng Pagsasama-sama: Mga Mapagkukunan para sa Pagpatupad ng Batas at mga Kabakas sa Komunidad
Mga Paglinkod ng Pulisya na Binagay sa Komunidad

Para sa mga emerhensiya i-dial ang 9-1-1 upang makakuha ng tulong kaagad

Kung naniniwala kayo na biktima kayo ng krimen ng kasuklaman o naniniwala kayo na nakasaksi kayo ng krimen ng kasuklaman:

Step 1: Iulat ang krimen sa inyong lokal na pulisya.

Step 2: Sundan nang kaagad ang pag-ulat na ito ng pagpayo sa Federal Bureau of Investigation (FBI) sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-CALL-FBI o pagharap ng impormasyon sa tips.fbi.gov. Maaari kayong manatiling hindi nakikilala.

Hanapin kami, maki-ugnay sa amin

www.justice.gov/crs **www.justice.gov/hatecrimes**

facebook.com/DOJCRS/ @DOJ_CRS askcrs@usdoj.gov 202.305.2935